# Philippine Biblical Worldview Institute

## Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 10, 2022

## ST301. Soteriology: 1. Election ©

***Introduction: The role of Foreknowledge of God in Election***

Hindi man natin masakyan nang husto ang maliwanag na itinuturo ng Bibliya tungkol sa paghihirang ng Diyos na ito ay walang kinalalaman sa gawa ng tao, dapat natin itong tanggapin. Ang ginawang paghirang ng Diyos ay hindi naka-condition sa anumang ginawa o sinabi o inisip ng tao - past, present or future.

Sa Jeremiah 1:5, sinabi ng Diyos kay Propeta Jeremiah, *Bago pa kita binigyang hugis sa sinapupunan, kinilala na kita, bago ka pa ipinanganak, hiniwalay na kita; hinirang na kitang isang propeta para sa mga bansa.* Iyong kinilala, he was foreknown. Ito ang kasama sa word na foreknew, foreknowledge ng God. Ang hiniwalay naman ay kasama sa sanctification - he was set apart at binigyan siya ng gawain. Siya ay tinawag, may calling siya kahit hindi pa siya binubuo sa sinapupunan ng kanyang ina. He existed in the mind of God. Ipinahayag ni Pablo sa Galatians 1:15 na *ang Diyos ang naghiwalay sa kanya bago pa man siya ipinanganak.* Kaya ito ay nauunawaan ng mga propeta at ng mga apostol.

Sa John 10:14, sinabi ni Cristo na kilala Niya ang Kanyang mga tupa. Pag sinabi ng Lord na kinilala Niya tayo, ang ibig sabihin nito ay He foreknew us. Kilala na Niya tayo bago pa man magkaroon ng universe – bago pa man tayo ipinanganak. Sa 2 Timothy 2:19 nakasulat na *Kilala ng Panginoon kung sino ang sa Kanya.* Ibig sabihin, lahat ng members ng family of God, ang bayan ng Diyos, ay kilala Niya. Ito ang sinabi ng Lord na lumikha sa iyo sa Isaiah 43:1, *O Jacob, Siya na lumikha sa iyo, O Israel: Huwag kang matakot dahil tinubos na kita; tinawag kita by name, ikaw ay sa Akin.* Tayo ay kilala ng Diyos individually bago pa man Niya nilikha ang universe.

Sinabi naman sa Romans 8:29 na maryoong mga kinilala ang Diyos bago pa man ang lahat. Sa kabaligtaran, nakatala sa Matthew 7:23 ang sinabi ni Cristo sa mga huwad na exorcists at miracle workers ang ganito: *Hindi Ko kayo kailanman nakilala. Lumayo kayo sa Akin mga manggagawa ng karimlan.* Ito ay mabigat sapagkat mayroon Siyang kinilala at mayroon din Siyang hindi kinikilala. Kapag sinabi Niyang kilala, ito ang Kanyang mga hinirang at iyan ay naganap before the foundation of the world. Maraming scripture ang nagkakatugma-tugma. Wala talagang conflict ang scripture at maselan Niyang isinasalansan ang mga katotohanan na ito.

Kapag tanggap na natin na ang gawang paghihirang ng Diyos Ama ay unconditional, matatanggap rin natin na si Cristo ay namatay para lamang sa mga hinirang. Ang Kanyang dugo ay nabuhos para sa paghuhugas ng kasalanan ng mga ito. Before the foundation of the world – bago pa man na mayroon tayong gawin na mabuti o masama, katulad nina Jacob at Esau, iyon ay unconditional.

Sinabi sa Romans 9:10-13 na bago pa isilang o bago pa mayroong ginawang mabuti o masama ang kambal sa sinapupunan ni Rebekah, upang maitaguyod ang gawang paghihirang ng Diyos, na hindi dahil

sa mga gawa kundi dahil sa Kanya na tumawag, sinabi ng Diyos kay Rebekah na *ang nakatatanda ay maglilingkod sa nakababata. Tulad ng nakasulat, Inibig ko si Jacob, subalit si Esau ay Aking kinamuhian.*

Mayroon talagang kilala ang Diyos – kilala Niya ang Kanyang mga tupa. Exclusive ang bayan ng Diyos. Kaya nagsimula ang salvation sa paghihirang – sa election. Ang elect ang naging object ng attention ng Diyos. Kung kayo (tayo) ay nagtitiwala sa Kanyang salita, sa Kanyang mga pangako, kabilang tayo sa mga kinilala at ang dugo ni Cristo ay nabuhos para sa mga kasalanan natin na Kanyang mga hinirang.

Kung kaya nating tanggapin ang *unconditional election*, matatanggap na natin ang *limited atonement* sapagkat iyon ang sinasabi ng Bibliya. Kapag natanggap natin na dahil sa kasalanan, ang natural na tao ay walang kakayahang lumapit sa Diyos ng kanyang sarili, matatanggap rin natin na kinakailangang gumawa ang Diyos sa kanyang buhay upang makaya niyang marinig ang salita ni Cristo at manalig sa Kanyang pangako. Ito naman ang tinatawag na *total depravity* o *total inability*. Hindi makakaya ng natural man na makarinig mabuting balita at matanggap nila ito kaya kinakailangang gumawa ang Diyos nang sa ganoon, ang mga tupa ni Cristo ay magkaroon ng kaliwanagan ng isip.

**Part One**

Ang pag-elect sa atin ng Lord ay because of His grace. Ang paghihirang ng Diyos ay hindi katulad ng pagpili natin ng candidatong iboboto tuwing *election*. Binoboto natin ang candidato na sa inaakala natin ay *deserving* ng ating suporta sapagkat siya ay magaling, marunong at makakatulong sa sambayanang Pilipino.

Sinabi sa John 1:12-13 na, *Datapwa't sa lahat ng tumanggap sa Kanya, na naniwala sa Kanyang pangalan, ay binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos, na ipinanganak, hindi ng dugo, hindi ng kalooban ng laman, hindi ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.* Kaya hindi ito dahil sa will ng tao na siya ay maging anak ng Diyos kundi ang salvation ay by grace. Hindi naka-ugat sa kalooban ng tao kundi sa kalooban ng Diyos ang pagtanggap natin sa Panginoong Jesu Cristo.

Kung ang paghihirang ay nakabase sa gawa ng tao, hindi na ito galing sa biyaya ng Diyos (tulad nang sinasabi sa Ephesians 2:8-9). Ito ay gantimpala sa kanya na nagdesisyon nang tama. Kailangang masundan natin ang kaisipang ito. Huwag nating kalilimutan ang sinabi sa Scripture -- We were saved by grace through faith.

Ang grace ay unmerited favor. No one deserves God's grace sapagkat kung ikaw ay deserving, hindi na grace ang tinanggap mo. Iyon ay reward o compensation; kung nagtrabaho ka, you deserve a compensation or kung nanalo ka sa isang paligsahan, you deserve a reward. Pero ang ating kaligtasan is neither a reward or compensation, it is by grace. Subalit nililiwanag ng Bibliya na wala ni isa mang *deserving* na tao; lahat ay kapos sa kaluwalhatian ng Diyos (Romans 3:10-11; 3:23).

*Election is about making a free choice*. Sa ginawang paghirang ng Diyos sa Kanyang bayan, walang nakaimpluwensya sa Kanya. Ito ay resulta ng Kanyang *sovereign will at sovereign grace*. Ang Diyos ang nag-exercise ng Kanyang free will. When He elected you and me to be part of His family, He did it *freely*. Laging ginagawa ng Lord ang kalooban Niya at walang makakahinto sa Kanyang kalooban at wala Siyang pinananagutan sa Kanyang mga isinasakatuparan. Ang ating kaligtasan ay nagmula sa Kanyang *free will.*

Mayroon akong kaibigan na nagrereklamo dahil nahuli siya ng speeding sa expressway. Ang sabi niya ay sumusunod lang siya sa mga nauuna sa kanyang mga kotse. The same speed silang lahat, ibig sabihin, lahat sila ay overspeeding. Kaya lang, siya ang nahuli at naticketan. Nagreklamo siya sa state trooper dahil *unfair na* siya lang ang nahuli. Subalit, *unfair* ba iyon? Dahil siya lang ang naticketan samantalang lahat sila ay nag-violate ng law?

Ganoon din ang sa paghirang ng Lord sa elect. Ina-accuse ng iba ang Lord na unfair dahil pinili Niya ang iba at ang iba ay hindi. Isipin natin, *unfair* nga ba iyon? Bakit unfair na ticketan ng pulis ang aking kaibigan ng speeding? Nag-violate siya ng law kaya kailangan ticket-an siya. Papaano iyong iba, nakalusot? Ang sabi ng pulis ay hindi niya kayang hulihin ang lahat na overspeeding nang sabay-sabay. Kaya ikaw ang nahuli ko, ikaw ang titicketan ko, ang sabi ng hagad. Ang aking kaibigan ay nakatanggap ng justice at ang iba ay nakatanggap ng lusot.

Everyone deserves justice. Kaya, everyone deserves death sapagkat lahat ay nag-violate ng law. Lahat tayo ay nagkasala and the wages of sin is death. Kaya dapat lahat ay mamatay. Kung pababayaan ng Lord na ang lahat ay mamatay, that is justice.

Ang ginawa ng Lord ay nag-*elect* Siya ng Kanyang magiging pamilya. Ang mga ito ay hindi tumanggap ng justice, kundi ang tinanggap nila ay compassion at mercy.

Ang sabi ng Lord kay Moses ay ito, *I will have mercy on whom I will have mercy and I will have compassion on whom I have compassion.*

Kung ano ang *criteria* na ginamit ng Lord sa pagpili ay hindi hayag sa Bibliya. Ito ang sinasabi sa Deuteronomy 29:29:

> *The secret things belong to the LORD our God, but the things that are revealed belong to us and to our children forever, that we may do all the words of this law.*

Kung baga, hindi natin kailangang malaman. Ang maliwanag ay ito: Hindi tayo hinirang ng Diyos dahil sa kung ano pa mang ating ginawa o ating katangian. The Lord showed compassion and mercy to those whom He elected at ang iba ay hinayaan Niya sa justice. No one suffers injustice in the hands of God.

Kung hindi man tayo sang-ayon sa ginawang ito ng Diyos, sinners as we are, kanino natin pananagutin ang Diyos? Dahil, walang mas makapangyarihan pa sa Diyos. Ang mga hindi matanggap ang soberenidad ng Diyos ay nanaisin na ipagtanggol ang Diyos according to their own sense of justice. So, ang tanong ay ito: Fair ba na pilitin ng tao na panagutin ang Diyos ayon sa kanilang pangangatuwiran?

## Part Two

Ang sinasabi sa Romans 9:11-13 tungkol kay Jacob at Esau ay ito: *Before the twins were born or had done anything good or bad—in order that God's purpose in election might stand: not by works but by Him who calls*—she was told, *The older will serve the younger.* Just as it is written*: Jacob I loved, but Esau I hated.*

Bagamat maliwanag ang pahayag ng Bibliya patungkol sa *timing* ng doctrina ng *Election*, na ito ay bago pa isilang ang magkapatid at ito ay hindi naka-depende sa kalooban o gawa ng tao, mayroon pa ring nagsasabi na – *Nang pumili ang Diyos kung sino-sino ang magiging elect, tumingin Siya through the*

*corridor of time upang makita Niya kung sino-sino ang tatanggap sa ebanghelyo ni Cristo at ang kanilang ginawang desisyon ang naging basehan ng Kanyang pagpili o hindi pagpili.*

Ang sabi sa Ephesians 1:4 ay ganito: *Even as He chose us in Him before the foundation of the world, that we should be holy and blameless before Him.*

Bagamat maliwanag sa verse na ito ang ginawang pagpili sa mga elect na bago pa man nilatag ang pundasyon ng mundo, iginigiit pa rin ng ibang mga theologian na ang ginawang paghirang ng Diyos sa Kanyang bayan ay naka-base sa desisyon ng tao at hindi sa kalooban ng Diyos.

Kung ganoon nga, katulad nang nasabi na, ang kaligtasan ng tao ay hindi na handog or gift, ito ay gantimpala sa kanya; sa kanyang pagpili kay Jesus. Ibig sabihin, kung ang *will* ng tao ang source ng kanyang salvation, mayroon siyang karapatang piliin. He earned it. Therefore, it is no longer grace but it is man's reward for making the right choice.

Kailangang tanggapin ang turo ng Scripture kahit hindi natin totally maunawaan ito o hindi tayo sang-ayon sa pinangangaral nito sapagkat ito ay maliwanag at hindi nagbabago. Kaya lang, pinahihirap ng mga theologians ng kanya-kanyang campo ang kaliwanagan ng Scripture dahil sa pagkakaiba ng kanilang interpretation. Patunay sa kahalagahan ng pagsunod sa sound principles pagdating sa *Hermeneutics*.

Maproblema ang proposisyon na tumingin ang Diyos sa *corridor of time* upang makita Niya kung sino-sino ang tatanggap sa ebanghelyo ni Cristo at nang sa ganoon, ang kanilang ginawang desisyon ang maging basehan ng Kanyang paghirang sa Kanyang bayan.

From the standpoint ng omniscience ng Lord hindi maaari na merong hindi nalalaman ang Diyos at any point in history na kinakailangan pa Niyang tumingin sa *corridor of time* para malaman ang magiging resulta ng decision ng tao. Ang kaalaman ng Diyos ay infinite; walang hangganan; hindi nadadagdagan ang kaalaman ng Diyos. Siya ay hindi nagbabago. Siya ay immutable.
Subalit, ipagpalagay na natin na tumingin nga ang Diyos *through the corridor of time* at nakita Niya kung sino-sino ang tumanggap kay Cristo bilang tagapagligtas, ang tanong ay ito: Ang tumanggap ba ay nasa *state of grace or* nasa kanyang *fallen state*?

Hindi maaaring sabihin na ang tumanggap na tao na nakita ng Diyos *through the corridor of time* ay nasa kanyang *fallen state* sapagkat co-contrahin nito ang sinasabi sa 1 Corinthians 2:14 na nagsasabi na ang mga spiritual things ay spiritually discerned and it is foolishness to the natural man.

Man was in his state of fallenness dahil hindi naman siya pagpapahayagan ng gospel kung wala siyang pagkakasala. If he were in his innocent state, he won't need to hear the gospel. Bakit kailangan niyang maligtas kung inosente siya.

Kung siya naman ay nasa kanyang fallen state subalit siya ay pinagkalooban, temporarily, ng tinatawag na prevenient grace upang siya ay magkaroon ng pagkakataong makapili kung tatanggapin ang ebanghelyo o hindi, ang tanong ay, *Sino ang nagbigay sa kanya ng grace na iyon*? At kung siya ay nasa state of grace, tatanggi ba siya sa kaligtasan kung siya ay pinagkalooban ng pang-unawa, kakayahan at pag-asang makapiling ang Diyos sa habang buhay kaysa magdusa sa impiyerno nang walang hanggan? Tatanggi ba siya? Napakahirap paniwalaan na mayroong tatanggi sa ganitong pagkakataon.

Hindi mapagkakaila na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa makasalanang tao at sa pamamagitan lamang ng Kanyang biyaya maisasagawa ito. Huwag nating kalimutan that we were *in Adam* sa garden of Eden when he knowingly at freely committed the original sin. *In Adam*, in-exercise mo at in-exercise ko ang freedom natin to be able to make choices na pinagkaloob sa atin ng Diyos. Kaya nga, we deserved the death sentence. Ang kamatayan ang resulta ng original sin that we committed out of our own *free will*. Si Jacob at si Esau, pareho, ay nagkasala. Therefore, Justice sentenced both of them with the death penalty. Subalit si Jacob ay elect, at si Esau ay hindi. Si Cristo ang namatay in place of Jacob. Subalit, hindi in place of Esau. Jacob received mercy. Esau received justice. No one suffers injustice in the hands of a merciful and just God.

**I. *Multiple Choice***

1. Ang ginawang paghirang ng Diyos ay
   a. May kinalaman sa pagtanggap ng tao kay Cristo sa kanyang puso
   b. Hindi naka-condisyon sa ginawa o inisip ng tao – past, present or future
   c. Naka-condisyon sa pagsunod ng tao sa kautusan sa present and future

2. Ang mga hinirang ng Diyos ay kinilala Niya nang
   a. Sila ay isilang na kanilang ina
   b. Bago pa sila binigyang hugis sa sinapupunan ng kanilang ina
   c. likhain ng Diyos ang mundo

3. Kapag sinabi ni Jesus na kilala Niya ang Kanyang tupa, ibig sabihin ay
   a. Kilala na Niya sila bago pa man likhain ang sansinukob
   b. Nakita Niya sino-sino ang sasampalataya sa Kanya
   c. Kilala Niya kung sino ang tatanggap sa Kanya bilang Tagapagligtas

4. Mayroong hindi kinikilala ang Panginoong Jesus. Sila ang
   a. Mga gumagawa ng kababalaghan
   b. Mga espiritista at mangkukulam
   c. Mga manggagawa ng karimlan

5. Ang dugo ni Cristo ay nabuhos para sa paghuhugas ng kasalanan ng
   a. lahat ng tao
   b. mga gumagawa ng mabuti
   c. Kanyang mga hinirang

6. Si Easu ay kinamuhian ng Diyos at si Jacob ay Kanyang inibig sapagkat
   a. Favorite ng Diyos si Jacob
   b. Hinirang ng Diyos si Jacob
   c. Kinalugdan ng Diyos si Jacob

7. Ang mga tumanggap at naniwala sa pangalan ni Jesus ay binigyan ng karapatang
   a. Tagapagmana ng lupain
   b. Maging anak ng Diyos
   c. Maging anak ni Cristo

8. Ang pagtanggap natin sa Panginoong Jesus ay naka-ugat sa
   a. Kalooban ng tao
   b. Kalooban ng Diyos
   c. Kalooban ng Diyos at ng tao

9. Kapag ang isang bagay ay ipinagkaloob sa iyo kahit hindi ka karapat-dapat tumanggap nito, ang tawag dito ay
   a. Merit
   b. Grace
   c. Mercy

10. Ang election ay resulta ng
    a. Justice at mercy ng Diyos
    b. Sovereign wil at sovereign grace ng Diyos
    c. Merit ng ating pagpili sa Diyos

11. Ang kaligtasan ay nagmula sa ____________ ng Diyos.
    a. Compassion
    b. Free will
    c. Kapangyarihan

12. Alin sa mga pangungusap ang tama?
    a. Lahat ay nagkasala subalit ang iba ay nakatanggap ng habag at awa ng Diyos.
    b. Lahat ay nagkasala kaya lahat ay nakatanggap ng hustisya ng Diyos.
    c. Lahat ay nagkasala kaya ang lahat ay nagsisi sa kanilang kasalanan.

13. Ang pagpili ng Diyos sa atin ay dahil
    a. Sa Kanyang biyaya
    b. Nakita Niyang tatanggapin natin si Jesus
    c. Sa Kanyang kalooban

14. Ang kaisipan na ang Diyos ay tumingin sa *corridor of time* upang makita Niya kung sino ang tatanggap ng ebanghelyo ni Cristo ay sumasalungat sa Kanyang characteristic bilang
    a. Compassionate God
    b. All-knowing God
    c. Merciful God

15. Ang taong tumatanggap at sumamplataya sa salita ni Cristo ay nasa
    a. State of grace
    b. Fallen state
    c. Natural state

16. Ang sabi sa 1 Corinthians 2:14 ay
    a. Ang mga spiritual na bagay ay natatanggap ng natural man
    b. Ang mga spiritual na bagay ay spiritually discerned at kahangalan sa natural man.
    c. Ang mga spiritual na bagay ay mahirap maunawaan ng lahat ng tao.

## II. Essay

Sa pananaw ng katotohanan na ikaw ay pinili ng Diyos

a) Ano dapat ang iyong mga hangarin o layunin sa buhay?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© May 10, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.